HAWAII DISABILITY RIGHTS CENTER
(SENTRO SA HAWAII UKOL SA MGA KARAPATAN NG MAY KAPINSALAAN)
900 Fort Street Mall, Suite 1040, Honolulu, Hawaii 96813
Telephone - Voice & TDD - **(808) 949-2922**
Statewide Toll Free Voice & TDD - **1 (800) 882-1057**
Fax: **(808) 949-2928**
Email: **info@hawaiidisabilityrights.org** *Website:* **www.hawaiidisabilityrights.org**

ANG MISYON

Ang Hawaii Disability Rights Center ay nagbibigay-proteksiyon at nagtataguyod sa mga karapatang pantao, pambayan at pambatas para sa mga taong may kapinsalaan, sa pamamagitan ng pagbibigay ng impormasyon at suporta.

- Ang mga **Karapatang Pantao (Human Rights)** ay mga karapatang likas na inilalapat sa lahat ng tao. Ang mga ito ay malinaw na isinasaad sa Konstitusyon ng Estados Unidos bilang karapatang mabuhay, kalayaan at paghahanap ng kaligayahan.

- Ang mga **Karapatang Pambayan (Civil Rights)** ay ang mga pinalawak na pangunahing karapatang pantao na itinukoy sa Konstitusyon ng Estados Unidos, ng Panukalang-Batas ng mga Karapatan at ng Konstitusyon ng Estado ng Hawaii. Kasali rito ang mga karapatan sa: malayang pagsunod sa relihiyon, pagsasalita, pahayagan, pakikipagpulong; petisyon para sa pagbabago; pantay na pagtingin sa harap ng batas; pagsasarilinan; pagtitiwalaan; mga desisyon sa pag-aapela; kalayaan mula sa paniniil, labag sa batas na pagsisiyasat at paghuli; at parusang malupit at kaiba-iba.

- Ang mga **Karapatang Pambatas (Legal Rights)** ay ang mga pinalawak nating karapatang pantao at pambayan na itinatag ng mga partikular na batas, tulad ng mga batas na nagbibigay-proteksiyon at suporta sa mga taong may kapinsalaan.

ANG AMING MGA KLIYENTE AY MGA TAONG MAY KAPINSALAAN

Ang karaniwang ibinibigay na kahulugan ng kapinsalaan ay ang kakulangan sa paggawa sa mga sumusunod na kakayahan: kakayahang mag-alaga ng sarili, kadaliang makakilos, paninirahang nagsasarili, kahustuhan ng salapi, pagkatuto, pagbibigay-direksiyon sa sarili, o malinaw na pakikipag-usapan.

May tatlong bahagi ang Americans with Disabilities Act (ADA) (Batas ukol sa mga Amerikanong may Kapinsalaan) na nagbibigay ng kahulugan sa kapinsalaan:
- Isang pisikal o pangkaisipang kakulangan na nagdudulot ng malaking limitasyon sa isa o higit pang mahalagang gawain sa buhay;
- May nakaraang istorya ng ganoong kakulangan (o mga kakulangan); o
- Napansing may ganoong kakulangan.

Sang-ayon sa mga datos ng U.S. Census Bureau, halos 1,200,000 ang naninirahan sa Estado ng Hawaii. Tinataya ng mga datos ng kalusugan at sensus na Pederal na may 15% ng populasyon ang

may kapinsalaan, kaya, tinataya na may 180,000 sa mga mamamayan ng Hawaii ang may kapinsalaan na sinisilbihan ng Hawaii Disability Rights Centre.

Sa Estado ng Hawaii, kami ang

CLIENT ASSISTANCE PROGRAM (CAP)

(PROGRAMA NG PAGTULONG SA KLIYENTE)

at

PROTECTION AND ADVOCACY (P&A) SYSTEM FOR PEOPLE WITH DISABILITIES

(SISTEMA NG PROTEKSIYON AT SUPORTA SA MGA TAONG MAY KAPINSALAAN)

Ang **CLIENT ASSISTANCE PROGRAM (CAP)** ay pangsuportang programa para sa mga taong may kapinsalaan na humihiling o tumatanggap ng pang-rehabilitasyong paglilingkod na pinahihintulutan ng Batas sa Rehabilitasyon (Rehabilitation Act) at laan o pinondohan ng Vocational Rehabilitation and Services to the Blind Division ng Estado ng Hawaii. (Pangkat ng Rehabilitasyong Pambokasyon at Paglilingkod para sa Bulag).

Ang Client Assistance Program ay maaaring maglaan ng mga sumusunod na tulong o paglilingkod:

- Ipaalam at payuhan ang mga kliyente tungkol sa lahat ng mga pakinabang na makukuha alinsunod sa Rehabilitation Act.

- Tulungan at suportahan ang mga kliyente at aplikante tungkol sa kanilang mga proyekto, programa, at mga paglilingkod na laan ng Rehabilitation Act, kasali ang tulong at suporta sa paghahabol tungkol sa mga lunas na pambatas, pampangasiwaan o iba pang angkop na remedyo upang tiyakin ang proteksiyon ng kanilang mga karapatan sa ilalim ng Rehabilitation Act, sa pamamagitan ng suportang pang-isahang tao at pampangasiwaan.

- Magbigay ng impormasyon tungkol sa mga makukuhang paglilingkod at pakinabang ayon sa Title 1 ng Amerians with Disabilities Act ng 1990 (42USC12111 et seq.) para sa mga tao sa estado na may kapinsalaan, lalung-lalo na ang mga taong may kapinsalaan na matagal nang nabigyan ng kulang o labis na paglilingkod ng mga rehabilitasyong pambokasyon.

- Maglaan ng tulong at suporta tungkol sa mga paglilingkod na may kaugnayan sa pagkapasok ng tao sa trabaho.

Ang **PROTECTION AND ADVOCACY FOR INDIVIDUALS WITH DEVELOPMENTAL DISABILITIES (PADD)** (Proteksiyon at tulong sa mga taong may kapinsalaan sa pag-unlad) ay may kapangyarihan na:

- Humanap ng mga lunas na pambatas, pampangasiwaan at iba pang angkop na remedyo upang ipagtanggol at masuportahan ang karapatan ng mga tao sa Hawaii na may kapinsalaan sa pag-unlad, na karapat-dapat tumanggap ng paggamot, paglilingkod, o kaya ay maaaring isaalang-alang na magpanibago ng paninirahan.

- Magbigay ng impormasyon at magsangguni sa mga programa at paglilingkod na sasagot sa mga pangangailangan ng mga taong may kapinsalaan.

- Imbestigahan ang mga pangyayaring may abuso at pagpapabaya sa mga taong may kapinsalaan sa pag-unlad kapag ang mga pangyayari ay iniulat sa pangasiwaan, o maaaring may dahilan upang paniwalaan na ang mga ito ay naganap.

Ang **PROTECTION AND ADVOCACY FOR INDIVIDUALS WITH MENTAL ILLNESS (PAIMI)** (Proteksiyon at suporta sa mga taong may sakit sa kaisipan) ay may kapangyarihan na:

- Magbigay ng impormasyon at magsangguni;

- Ipagtanggol at suportahan ang mga karapatan ng mga taong may sakit sa kaisipan sa pamamagitan ng mga gawaing titiyak sa pagpapasunod ng mga batas sa Konstitusyon at sa ibang batas ng Pederal at mga Estado;

- Imbestigahan ang mga pangyayaring may abuso at pagpapabaya sa mga taong may sakit sa kaisipan kapag ang mga pangyayari ay iniulat sa pangasiwaan, o maaaring may dahilan upang paniwalaan na ang mga ito ay naganap.

Ang **PROTECTION AND ADVOCACY FOR INDIVIDUAL RIGHTS (PAIR)** (Proteksiyon at suporta sa mga karapatan ng bawa't tao) ay nagtataguyod sa isang sistema sa bawa't Estado upang:

Ipagtanggol ang mga karapatang pambatas at pantao ng mga may kapinsalaan na nangangailangan ng mga paglilingkod na mahigit pa sa sakop o marapat ilaan ng:

- Client Assistance Program (CAP) (Programang Pagtulong sa Kliyente)
- Protection and Advocacy for Individuals with Developmental Disabilities (PADD) (Proteksiyon at suporta sa mga taong may kapinsalaan sa pag-unlad)
- Protection and Advocacy for Individuals with Mental Illness (PAIMI) (Proteksiyon at suporta sa mga taong may sakit sa kaisipan)
- Protection and Advocacy for [Individuals in need of] Assistive Technology (PAAT) (Proteksiyon at suporta sa mga taong nangangailangan ng tulong na pang-teknolohiya)

Ang PAIR ay naglilingkod sa mga taong may kapinsalaan na may malaking limitasyon sa isa o mahigit pang mga mahalagang gawain sa kanilang buhay, at nakadadama ng pagkalabag ng kanilang mga karapatang pambayan dahil mayroon silang kapinsalaan.

Maaaring maglaan ang PAIR ng mga sumusunod na paglilingkod:

- Humanap ng mga lunas na pambatas, pampangasiwaan, at iba pang angkop na remedyo upang ipagtanggol, at suportahan, ang mga karapatan ng mga may kapinsalaan sa Estado; at
- Magbigay ng impormasyon at magsangguni sa mga programa at paglilingkod na sumasagot sa mga pangangailangan ng mga taong may kapinsalaan sa Estado.

Ang **PROTECTION AND ADVOCACY FOR [INDIVIDUALS IN NEED OF] ASSISTIVE TECHNOLOGY (PAAT)** (Proteksiyon at suporta sa mga taong nangangailangan ng tulong na pang-teknolohiya) ay "tumutulong sa mga taong may kapinsalaan at sa kanilang pamilya, tagapag-alaga,

taga-suporta at mga kinatawang may kapangyarihan upang makagamit ng mga pang-teknolohiyang kagamitan at paglilingkod.

Ang PAAT ay naglilingkod sa mga taong may kapinsalaan na karapat-dapat tumanggap ng pondo para sa mga kagamitan at paglilingkod na pang-teknolohiya sa ilalim ng Rehabilitation Act, Medicaid, Medicare, Espesyal na Edukasyon, o segurong pribado, o iba pang maaaring pagkunan ng kabayaran.

Naglalaan ang PAAT ng mga sumusunod na paglilingkod:

1. Impormasyon at pagsasangguni
2. Suporta, kasali ang di-pormal, lunas na pampangasiwaan at pambatas upang makakuha ng tulong na pang-teknolohiya para sa mga taong may kapinsalaan.

Ang **PROTECTION AND ADVOCACY FOR BENEFICIARIES OF SOCIAL SECURITY (PABSS**) (Proteksiyon at suporta para sa mga tumatanggap ng social security) ay ginagawang makakuha ng proteksiyon at suporta, sa ilalim ng Social Security Act, ang mga taong nakikinabang na may kapinsalaan, at makapaglalaan ng:

1. Impormasyon at payo tungkol sa pagkuha ng mga paglilingkod na rehabilitasyong pambokasyon at pantrabaho; at
2. Suporta o iba pang paglilingkod na maaaring kailanganin ng isang nakikinabang upang makakuha o magkaroon ng makahulugang trabaho.

Ang **PROTECTION AND ADVOCACY FOR INDIVIDUALS WITH TRAUMATIC BRAIN INJURY (PATBI)** (Proteksiyon at suporta para sa mga taong may matinding kapinsalaan sa utak**)** ay maaaring maglaan ng mga sumusunod na paglilingkod para sa mga may matinding kapinsalaan sa utak:

1. Impormasyon, Pagsasangguni at Payo
2. Suporta sa Tao at sa Pamilya
3. Pangangatawang Pambatas
4. Tulong sa mga nais magsuporta sa sarili

Ang **PROTECTION AND ADVOCACY FOR VOTER ACCESS (PAVA)** (Proteksiyon at suporta sa pagboto) ay tinitiyak na may lubos na pagsali sa eleksiyon ang mga taong may kapinsalaan at maaaring maglaan ng mga sumusunod na paglilingkod:

1. Tiyakin ang lubos na pagsali sa eleksiyon ng mga taong may kapinsalaan, kasali ang pagre-rehistro sa pagboto, pagboto at pagpunta sa mga lugar na botohan;
2. Bigyan ng suporta ang pagsasanay sa paggamit ng mga pamamaraan at teknolohiya sa pagboto; at
3. Ipakita at tasahin ang paggamit ng naturang mga pamamaraan at teknolohiya, ng mga taong may kapinsalaan (kasali ang sa mga bulag) upang matasa ang pagkakaroon at paggamit ng mga ito para sa naturang mga tao.

PAPAANO KAMING NAGLALAAN NG MGA PAGLILINGKOD

Ang mga abogado at taga-suporta na nagtatrabaho sa HDRC ay nagsisikap, ayon sa pondong magagamit, na maglingkod sa maraming taong may kapinsalaan na may iba't ibang isyu tungkol sa mga karapatang pambatas. Laging sinisikap ng mga abogado at taga-suporta ng HDRC na malutas ang mga problema nang may di-sobrang **pamamagitan**, tulad ng: pagpapayo, imbestigasyon, pamamagitan, pakikipag-ayos, o pagrerepaso ng pangasiwaan at mga pag-aapela.

Gayunman, sa utos ng Kongreso, kaya naming magbigay ng buong **pangangatawang pambatas** para sa aming mga kliyente, **kasali ang pagsasakdal**, kung kinakailangan.

MGA ISYUNG PAMBATAS NA SINASAGOT NG HDRC

1. **Pangangalaga at Paggamot –** ang karapatang tumanggap ng pangangalaga at paggamot sa isang angkop at pinakamaayos na kapaligiran; na walang abuso at pagpapabaya, at kung saang makukuha nang ayon sa wastong pamamaraan, may-kaalamang pag-ayon, pagtitiwalaan at pagsasarilinan.

2. **Pagkamamamayan** – ang karapatang gumamit ng mga pampublikong pasilidad, kumilos nang malaya, bumoto, maglingkod sa panghukumang lupong tagahatol; makipag-kontrata, bumili at magsanla ng ari-arian, at maging kinilalang mamamayan.

3. **Edukasyon** - ang karapatang sumali sa mga programang pang-isahan at mga kaugnay na paglilingkod; pakikihalo sa regular na klase; kalayaan mula sa pagka-arestong may pagtatangi, pagkakatigil, pagpapalabas sa paaralan.

4. **Trabaho** - ang karapatang makakuha ng manggagawa nang walang pagtatangi-tangi, paglalaan ng makatwirang uri ng tirahan, pagtaas o pagtanggal ng manggagawa sa isang makumpitensiya, matangkilik o may pangangalagang trabaho; karapatan sa tulong upang malutas ang mga problema tungkol sa mga paglilingkod ng VR.

5. **Kalayaan sa Pakikisama** - ang karapatang lumikha at magpamalagi ng pagsasamahan; magparami; magkaroon ng mga anak.

6. **Panirahanan** – ang karapatang magkaroon ng kalayaang kumuha at magpamalagi ng walang pagtatangi-tanging panirahanan at magkaroon ng kasama/ o gamit na mga hayop sa bahay na tinitirahan.

7. **Katarungan** – ang karapatan na maisaalang-alang ang kakayahang mangasiwa ng sariling buhay, maliban kung nagpasiya ang Hukuman na may kakulangan sa ganitong kakayahan. Proteksiyon ng mga karapatang pambayan sa pamamaraang pagpasok o paglabas sa bilangguan, at karapatang tumanggap ng makataong trato habang nasa bilangguan.

8. **Mga Programa at Paglilingkod** - ang karapatang sumali sa mga programa at paglilingkod; at kalayaang makakuha at magpanatili ng mga karapat-dapat na paglilingkod nang walang pagtatangi-tangi, tulad ng Tulong na Pang-teknolohiya, Medicaid, SSI/SSDI, transportasyon, at iba pa.

MGA KALALABASANG HINAHANGAD NG HDRC

1. **Kalayaan sa Abuso at Pagpapabaya** - ang mga taong may kapinsalaan ay ligtas sa mga gawa, o hindi paggawa, na humahantong sa pinsalang pisikal, pang-sikolohiya o kamatayan.

2. **Mga Komunidad na Naaabot** – Nakaaabot ang mga taong may kapinsalaan sa trabaho, pampublikong kagamitan, mga programa at paglilingkod at transportasyon ayon sa itinakda ng Americans with Disabilities Act.

3. **Pagiging Malaya, Makahulugan, Pagsama at Pagsali** – Ang mga taong may kapinsalaan ay may karapatang mabuhay nang malaya; magkaroon ng pagkakataong makadama ng pagsulong na personal, magtrabaho at makatulong sa komunidad; at ang kanilang kakayahan ay tanggapin at kilalanin. May karapatan silang tumanggap ng mga hamon, magbakasakali, matuto mula sa kanilang pagkakamali at makadama ng tagumpay. May karapatan silang manirahan nang nakikipagsamahan sa sarili nilang tahanan at komunidad.

4. **Pansariling Pagpapasiya** - Ang mga taong may kapinsalaan ay maaaring magsuporta at gumawa ng sarili nilang pasiya, pumili, magkontrol at magtasa ng mga paglilingkod na tinatanggap nila, at magpakita ng sarili nilang kakayahan.

SINO ANG KARAPAT-DAPAT TUMANGGAP NG MGA PAGLILINGKOD NG HDRC?

May kapangyarihan ang HDRC na kumatawan sa mga tao kapag:

1. Ang tao ay may **kapinsalaan** na ayon sa CAP o sa isa sa aming programang P & A;
2. Nasagot ng tao ang iba pa upang maging marapat ayon sa aming CAP o mga programang P&A;
3. Ang tao ay may isang **problema** na sanhi o kaugnay ng kapinsalaan; at
4. Ang problema ng tao ay sakop ng mga kasalukuyang **nakaunang** Paglilingkod sa Kliyente ng HDRC.

SINO ANG HINDI MAKATATANGGAP NG MGA PAGLILINGKOD NG HDRC?

Hindi naglalaan ng mga paglilingkod ang HDRC kapag:

1. Walang kapinsalaan ang isang tao, o walang problemang kaugnay ng isang kapinsalaan;
2. Ang tao ay pinangangatawanan na ng ibang abogado o paglilingkod;
3. Ang problema ng tao ay karaniwang tinatanggap ng di-pampublikong bar o ng mga pambatas na paglilingkod, o ng tulong na pambatas na maaaring makuha mula sa iba.

4. Ang problema ng tao ay nangangailangan ng isang takdang tagapayo, ayon sa karapatang pambatas;
5. Ang problema ay tungkol sa kapakanan ng mga tagapaglingkod o pamilya, tagapag-alaga, o tagakupkop ng mga taong may kapinsalaan, maliban kung ang kapakanan ay katulad ng kapakanan ng taong may kapinsalaan.

Hindi naglalaan ng pangangatawan ang HDRC sa mga sumusunod na kaso, maliban kung sa mga pangyayaring di-matutulan at bukod-tangi:

1. Pagkabangkarota
2. Proteksiyon ng mamimili o pananagutan ng mga produkto
3. Pagkupkop o pag-aalaga ng tao o ng ari-arian
4. Mga kasong-kriminal
5. Pagpaplano ng propyedad at huling testamento
6. Pambatas na alituntunin tungkol sa pamilya – pag-ampon, pagbibigay-sustento sa bata, pangangalaga, pagdidiborsiyo
7. Pag-aabuso sa tungkulin
8. Mga isyu tungkol sa segurong pribado
9. Mga alitan tungkol sa ari-arian
10. Mga isyu tungkol sa buwis
11. Pagtatanggol sa maling gawa
12. Bayad-pinsala sa mga maggagawa o mga isyu tungkol sa ERISA

NAGSASAAYOS NG MGA TAGAPAGSALIN SA WIKA
PARA SA MGA TAONG HINDI NAKAPAGSASALITA NG INGLES

WALANG PUPUNANG PORMULARYO . LIBRE ANG AMING PAGLILINGKOD

PARA SA HIGIT PANG IMPORMASYON MAKIPAG-ALAM SA

HAWAII DISABILITY RIGHTS CENTER
900 Fort Street Mall, Suite 1040, Honolulu, Hawaii 96813
Telephone - Voice & TDD - **(808) 949-2922**
Statewide Toll Free Voice & TDD - **1 (800) 882-1057**
Fax: **(808) 949-2928**
Email: **info@hawaiidisabilityrights.org** *Website:* **www.hawaiidisabilityrights.org**